



## INILABAS NA BALITA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 31, 2020  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann, 415.760.0285 (cell)

# Nagsisimula ngayong araw ang panahon ng ulap-usok sa hangin

*Mga empleyado, hinihikayat ang mga employer na panatilihing bughaw ang kalangitan sa pamamagitan ng pagpapalawig sa mga opsyon sa teleworking*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagsisimula ng panahon ng Spare the Air (Iligtas ang Hangin) sa ulap-usok sa tag-init ngayong araw, Lunes, Mayo 4.

Dahil sa pagluwag ng trapiko sa panahon ng manatili sa bahay, naging maganda ang kalidad ng hangin sa buong rehiyon. Bagama't nagkaroon ang mga kundisyon ng panahon ng positibong epekto sa kalidad ng hangin, isang malaking salik din ang malawakang pagbaba ng trapiko, ang pangunahing dahilan ng polusyon sa Bay Area.

“Dahil sa mga panahon ng pagsubok na ito, naipakita na posible ang teleworking, isang flexible na opsyon sa trabaho para sa marami na napapakinabangan hindi lang para sa kalidad ng hangin, ngunit pati na rin ng mga employer at empleyado,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Habang nagpapalano ang mga employer para sa ligtas na muling pagbubukas ng kanilang mga pinto at ipagpatuloy ang mga pagpapatakbo kapag inalis na ang pananatili sa bahay, hindi natin dapat ipagsawalang-bahala ang mga benepisyo ng pagbabawas ng trapiko - at maaaring maging bahagi ng solusyon ang teleworking para mapanatiling bughaw ang ating kalangitan.”

May mga pagtatantyang nagpapakita na bumaba nang 70 porsyento o higit pa ang trapiko sa rehiyon sa panahon ng pananatili sa bahay. **Batay sa 70 porsyentong pagbaba ng trapiko, tinatantya ng Air District na bababa ang mga fine particulate o PM<sub>2.5</sub> nang 20 porsyento, bababa ang oxides of nitrogen o NO<sub>x</sub> nang 38 porsyento, at bababa ang emisyon ng carbon dioxide o CO<sub>2</sub> nang 26 porsyento.**

Kasama sa mga benepisyo ng teleworking ang:

- Pagluwag ng daloy ng trapiko
- Pag-ikli ng tagal ng pag-commute
- Mga matitipid sa gastos para sa mga employer at empleyado
- Pinahusay na pagtanggap at pagpapanatili ng empleyado

- Pinahusay na balanse sa buhay at trabaho
- Pinahusay na abilidad na epektibong ipagpatuloy ang negosyo bilang bahagi ng pagbangon sa sakuna o plano sa emergency

Kasabay ng paglulunsad ng pahahon ng Spare the Air sa ulap-usok sa pagsisimula ng 2020 Linggo ng Kamalayan sa Kalidad ng Hangin, isang pambansang kampanya upang itaas ang kamalayan sa kalidad ng hangin at pukawin ang mga tao na gumawa ng mga hakbang upang bawasan ang kanilang kontribusyon sa pagpaparumi sa hangin.

Sa mga mas mainit na buwan, inilalabas ang Mga Alerto na Spare the Air kapag tinatayang aabot ang ulap-usok, o pagpaparumi ng ozone sa hindi malusog na antas. Maaaring maging sanhi ang ozone ng pangangati ng lalamunan, paninikip at pananakit ng dibdib. Maaari nitong simulan ang hika, pamagain ang sapin ng mga baga at palalain ang brongkitis at emphysema. Partikular na mapanganib ang pagpaparumi sa ozone para sa mga bata, matatanda at iyong may mga sakit sa baga at sa puso. Kapag may inilabas na Alerto na Spare the Air, limitahan ang pag-ehersisyo sa labas sa dapit-hapon kapag pinakamataas ang konsentrasyon sa ozone.

Alamin kung kailan ipinapatupad ang Alerto na Spare the Air:

- Sa pamamagitan ng mga alerto sa text sa pagpapadala ng text ng salitang “START” sa 817-57
- Sa pamamagitan ng pagkonekta sa Spare the Air sa Facebook o Twitter
- Sa website na [www.sparetheair.org](http://www.sparetheair.org)
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa 1(800) HELP-AIR
- Sa pamamagitan ng pag-sign up para sa email sa AirAlerts sa [www.sparetheair.org](http://www.sparetheair.org)
- Sa pamamagitan ng pag-download ng Spare the Air na App sa iPhone o Android

Ang [Bay Area Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)